
# NAG-IINTERNET BA ANG IYONG ANAK O ALAGANG BATA?

Mahalagang magabayan sila sa paggamit ng Internet para hindi sila mabiktima ng Online Child Sexual Abuse and Exploitation.



**Ang Online Child Sexual Abuse and Exploitation** ay pang-aabusong sekswal sa pamamagitan ng pag-upload, pag-download, pag-share o pag-view sa Internet ng sekswal na photo o video ng bata o may edad na mababa sa 18 taong gulang.


Ang **Cybersex** ay isang uri ng Online Child Sexual Abuse kung saan live na pinaghuhubad o pinapaakto ng sekswal ang bata sa harap ng web cam. Laganap ito sa mahihirap na komunidad sa Pilipinas.


internet flier compiled PARENT v2.indd 1 10/4/2017 11:17:22 AM

## PAANO NABIBIKTIMA ANG BATA NG ONLINE SEXUAL ABUSE AT CYBERSEX? SINO ANG NANGBIBIKTIMA?

Kadalasan, mga kakilala rin ng bata ang nagre-recruit sa kanila, maaaring kamag-anak, kapitbahay o miyembro ng komunidad. Aalukin ng recruiter ang bata ng pera o libreng pagpapagamit ng Internet para magpunta ito sa bahay kung saan ginagawa ang ilegal na aktibidad. Pag napapayag na ang bata ay uutusan o pipilitin ito na maghubad at umakto ng sekswal sa harap ng webcam kung saan may nanonood na kadalasan ay foreigner mula sa iba't ibang parte ng mundo. Minsan ay magulang mismo ang humihimok sa sariling anak na sumali sa cybersex kapalit ng pera.








## PAANO MAPOPROTEKTAHAN ANG BATA LABAN SA ONLINE SEXUAL ABUSE?

### DAPAT MAGING MAPAGMATYAG KUNG MAY KAPITBAHAY O TURISTA NA:

1. Palaging nakikipag-usap sa mga batang nasa lansangan o nagtatrabaho.
2. Nagbibigay ng pera, pagkain o materyal na bagay sa bata o pamilya ng bata nang walang okasyon o dahilan.
3. Madalas magpapunta ng mga bata sa kanyang bahay.
4. Nagbibigay ng tulong sa eskwelahan para magkaroon ng kontak sa maraming bata.
5. Naninirahan sa inyong komunidad kung saan wala naman siyang kamag-anak o
6. Kumukuha ng impormasyon sa sitwasyon ng mga bata sa komunidad.

### MGA SENYALES NA NANGANGANIB MABIKTIMA O NABIBIKTIMA NA ANG IYONG ANAK NG ONLINE SEXUAL EXPLOITATION

1. Madalas may pera o bagong gamit.
2. May binabanggit na bagong trabaho pero hindi malinaw kung ano ito.
3. Madalas lumabas o umuwi nang palihim sa gabi.
4. Madalas tumambay sa bahay ng isang turista o taong hindi pamilyar sa iyo.
5. Nagbabago ang ugali gaya ng pagiging magagalitin, matatakutin, malihim o malungkutin na hindi naman niya ugali dati.
6. Sumasakit ang maseselang bahagi ng katawan o nagkakaroon ng impeksyon o sakit.

### KUNG MAY HINALA KANG BIKTIMA ANG IYONG ANAK NG ONLINE CHILD SEXUAL ABUSE AND EXPLOITATION:

1. Magbigay ng panahon upang makausap ang iyong anak kung may nais siyang ikonsultang problema. Palakasin ang loob niya na kung anuman ang kanyang problema, ay magkasama kayong sisikaping malutas ito.
2. Kung magtapat ang iyong anak na siya ay naabuso, pakinggan mo ang kanyang kuwento at seryosohin ang kanyang sinabi.
3. Suportahan ang iyong anak at huwag siyang sisihin sa naging pang-aabuso sa kanya.
4. Himukin siyang sumama sa iyo sa paghingi ng tulong sa isang social worker, counselor o pulis na mas may karanasan sa paglutas ng ganitong kaso.

# I-REPORT

## ANG MGA KASO NG CYBERSEX SA INYONG KOMUNIDAD SA:



**PNP Anti-Cybercrime Group – Angelnet**
(02) 723 -0401 local 5354
www.angelnet.ph

**text PNP (space) msg** and send to **2920**

o tumawag sa **Action Line**
**1343** Metro Manila
**(02) 1343** Probinsya
**(02) 931-9141** Human Trafficking Helpline

Para i-report ang mga website na may sekswal na imahe ng bata, itext ang:
**DSWD** ‹space› **blockchildporn** ‹space› **"website address"**
and SEND to **2327**

Para ipa-block ang mga website na may pornographic materials:
Text: **blockchildporn** ‹space› **"website address"**
SEND to **0918-9122813**

**PANANATILIHIN NAMING KOMPIDENSYAL ANG IYONG IMPORMASYON.**
Sa ECPAT, mananatiling tago ang iyong pangalan at pagkatao. Tanging ang detalye lang ng pang-aabuso ang makakarating sa awtoridad.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa online child sexual abuse, sumangguni sa:**

**ECPAT Philippines**
0927-2595682
143 Anonas Extension,
Sikatuna Village, Quezon City
ecpatphilippines.org
facebook.com/ECPATPhilippines

END Child Prostitution, Child Pornography & Trafficking of Children for Sexual Purposes

Girls Advocacy Alliance · Plan International · Defence for Children · ECPAT · terre des hommes stopt kinderuitbuiting · Development Cooperation Ministry of Foreign Affairs of the Netherlands

internet flier compiled PARENT v2.indd 4 10/4/2017 11:17:26 AM